Advisory No. **066**, s. 2021
October 19, 2021
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
This advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

## IKA-48 PAMBANSANG SEMINAR NG GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng Ika-48 Pambansang Seminar ng Gawaing-Kapulungan sa Filipino na may temang, "PASATAF: Tumutugon sa Iba't Ibang Hamon ng Paghubog sa Bagong Normal na Edukasyon", gaganapin ito sa pamamagitan ng birtuwal na platform sa tatlong magkakasunod na Sabado sa ika-13, 20, at 27 ng Nobyembre 2021.

Layunin ng seminar na:

1. Malinang ang kulturang pang-edukasyon bilang tugon sa progresibong hamon ng panahon na kinakaharap ng kasalukuyang sistemang bagong normal na edukasyon.
2. Magamit sa aktuwal na pagtuturo ang mga napapanahong estratehiya sa K to 12 tungo sa may kalidad na edukasyon sa panahon ng pandemya.
3. Maiangat ang sigasig/hikayat sa pagtuturo sa pamamagitan ng pro-aktibong pagpapaunlad ng K to 12 Kurikulum.

Inaanyayahan ang mga kinatawan ng punong tanggapan ng DepEd, panrehiyon at pansangay na Tagamasid sa Filipino, mga guro sa elementarya at sekondarya sa mga pampubliko at pampribadong paaralan, at mga bagong kasapi ng samahan, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika sa edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at mga asignaturang mga wikang panturo ay Filipino, at sinomang may interes sa usaping pangwika.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Dr. Elpidia B. Bergado
  Pangulo
  Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino
  Mobile Phone Numbers: 0917-859-0847/0919-066-5896

- Gng. Viola S. Esparagoza
  Kalihim
  Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino
  Mobile Phone Numbers: 0927-858-3868/0922-207-4102